

|  |   |
|--|---|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakarang as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020          |
| <b>Pangalan ng Patakarang:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakarang:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                           | Pahina 1 ng 10  |



### I. **Layunin:**

Ang layunin ng Patakarang ito ay tukuyin ang pamantayan sa kwalipikasyon at proseso ng aplikasyon para sa pinansyal na tulong para sa mga pasyenteng walang insurance o walang sapat na insurance, at tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Stanford Health Care-ValleyCare (SHC-VC). Inilalarawan din ng patakarang ito ang mga uri ng tulong pampinansyal na maaaring magamit at kung paano sinisikap ng SHC-VC na tiyaking maaaring makuha ng mga pasyente ang impormasyon tungkol sa mga programang ito.

### II. **Patakarang:**

Naninindigan ang SHC-VC sa pagbibigay ng tulong pampinansyal sa pamamagitan ng Pangangalagang Pangkawanggawa (na nakasaad din sa Patakarang ito bilang Tulong Pampinansyal) sa mga indibidwal na walang insurance o walang sapat na insurance na humihingi at tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa SHC-VC, ngunit hindi nakakatugon sa kanilang mga obligasyon sa pagbabayad sa SHC-VC nang walang tulong. Nais ng SHC-VC na ibigay ang tulong na ito sa paraang natutugunan ang mga indibidwal na sitwasyong pampinansyal ng pasyente, naisasagawa ang mga misyong hindi para sa kita at misyon sa pagtuturo ng ospital, at natutugunan ang mga layunin nito sa diskarte, pagpapatakbo, at pananalapi.

- A. Hindi dapat ituring ang Tulong Pampinansyal bilang pamalit sa personal na pananagutan. Inaasahang makibahagi ang mga pasyente sa mga kinakailangan sa Tulong Pampinansyal ng SHC-VC, at mag-ambag sa halaga ng kanilang pangangalaga batay sa kanilang indibidwal na kakayahang magbayad.
- B. Ang nakasulat na Patakarang ito ay:
  1. Nagsasaad ng mga pamantayan sa kwalipikasyon para sa Tulong Pampinansyal
  2. Nagbibigay ng link sa listahan ng mga provider na saklaw ng Patakarang, at mga provider na hindi saklaw nito.
  3. Naglalarawan sa batayan para sa pagkalkula ng mga siningil na halaga sa mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito.
  4. Naglalarawan sa paraan kung saan maaaring mag-apply ang mga pasyente para sa tulong pampinansyal.
  5. Nagtatag ng pamamaraan para sa pagtukoy ng 'Mga Halagang Karaniwang Sinisingil' gaya ng iniaatas sa ilalim ng IRC 501(r)

### III. **Mga Kahulugan:**

- A. ***Pangangalagang Pangkawanggawa:*** Isang 100% na waiver ng pinansyal na obligasyon ng pasyente para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan na ibinibigay ng SHC-VC at kabilang sa listahan ng priyoridad (Tingnan ang Seksyon IV.D.). Maaaring maging kwalipikado para sa pangangalagang may buong diskwento ang mga pasyenteng walang insurance o walang sapat na insurance na may mga taunang kita ng pamilya na hindi tataas sa 400% ng Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan.
- B. ***Panahon ng Pagtukoy sa Kwalipikasyon:*** Ang mga pasyenteng natukoy na kwalipikado ay bibigyan ng Tulong Pampinansyal sa loob ng labindalawang (12) buwan. Ilalapat din ang Tulong Pampinansyal sa mga kwalipikadong account na pasok sa mga natanggap na serbisyo bago ang petsa ng aplikasyon para sa Tulong Pampinansyal.
- C. ***Mga pang-emergency na medikal na kundisyon:*** Gaya ng inilarawan sa kahulugan ng seksyon 1867 ng Social Security Act (42 U.S.C. 1395dd), gagamutin ng SHC-VC ang mga taong nasa labas ng pinagseserbisyuhang lugar ng SHC-VC kung may pang-emergency, agaran, o maaaring ikamatay na kundisyon.
- D. ***Pamilya:*** Para sa mga pasyenteng 18 taon o mas matanda, kabilang sa pamilya ang asawa ng pasyente, nakarehistong kinakasama, at mga dependent na anak na hindi lalampas sa 21 ang edad, nakatira man sa bahay o hindi. Para sa mga pasyenteng hindi lalampas sa 18 ang edad, kabilang sa pamilya ang magulang ng pasyente, mga kamag-anak na tagapangalaga at iba pang mga anak ng magulang o tagapangalaga na hindi lalampas sa 21 ang edad. Kung may dependent ang pasyente sa kanilang

|  |   |
|--|---|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakarang as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020          |
| <b>Pangalan ng Patakarang:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakarang:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                           | Pahina 2 ng 10  |



income tax return, ayon sa mga panuntunan ng Internal Revenue Service, maaaring kilalanin ang indibidwal bilang dependent para sa mga layunin ng pagtukoy sa pagiging kwalipikado sa tulong pampinansyal. Ang anuman at lahat ng pinagkukunan ng pamilya ay magkakasamang isinasaalang-alang upang tukuyin ang pagiging kwalipikado sa ilalim ng Patakarang ito.

- E. ***Kita ng Pamilya:*** Tinutukoy ang Kita ng Pamilya gamit ang pagpapakahulugan ng U.S. Census Bureau kapag tumutukoy ng pagiging kwalipikado batay sa Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan.
1. Kabilang ang mga kita, kabayaran sa pagkawala ng trabaho, bayad-pinsala sa mga manggagawa, Social Security, Supplemental Security Income, pampublikong tulong, bayad sa mga beterano, benepisyo ng mga naulila, bayad sa may kapansanan, pension o kita sa pagreretiro, interes, dividend, renta, royalty, kita mula sa mga estado at trust, tulong sa pagpapaaral, sustento sa dating asawa, sustento sa anak, tulong pampinansyal mula sa ibang tao, at iba pang pinagkukunan;
  2. Ang mga benepisyong hindi pera (hal. Medicare, Medicaid, at Golden State Advantage card, mga benepisyo sa EBT, tulong sa pagbabayad ng kuryente o gas, mga pagkain sa paaralan, tulong sa pabahay, tulong na nakabatay sa pangangailangan mula sa mga organisasyong hindi para sa kita, bayad sa pangangalaga sa ampon, o tulong para sa pagbangon ng mga nasalanta ng unos) ay hindi kinikilala bilang kita para sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa tulong pampinansyal;
  3. Mga nalikom na kapital o pagkalugi na Natutukoy batay sa halaga bago ipataw ang buwis; at
  4. Kabilang sa kita ng pamilya ng isang tao ang kita ng lahat ng miyembro ng pamilya na nasa hustong gulang. Para sa mga pasyenteng mas bata sa 18 taong gulang, kabilang sa kita ng pamilya ang kita ng mga magulang at/o ng madrasta at amain, mga hindi kasal o kinakasama, o mga kamag-anak ng tagapangalaga.
- F. ***Mga Pampederal na Pamantayan sa Kahirapan:*** Binabago taun-taon ang Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan sa Federal Register ng Department of Health and Human Services ng United States sa ilalim ng awtoridad ng subsection (2) ng Seksyon 9902 ng Titulo 42 ng United States Code. Maaaring isangguni ang mga kasalukuyang alituntunin sa <http://aspe.hhs.gov/POVERTY/>
- G. ***Tulong Pampinansyal:*** Tulong na ibinibigay sa mga pasyenteng magigipit kung magbabayad nang buo sa mga inaasahang gastusin mula sa sariling bulsa para sa mga medikal na kinakailangang serbisyong ibinibigay ng SHC-VC at para sa mga kwalipikado ayon sa pamantayan para sa nasabing tulong. Sa ilalim ng Patakarang ito, ang Tulong Pampinansyal ay Pangangalagang Pangkawanggawa.
- H. ***Guarantor:*** Isang indibidwal maliban sa pasyente na responsable para sa pagbabayad ng singilin ng mga pasyente.
- I. ***Mga Kabuuang Singil:*** Ang mga kabuuang singil sa mga kumpletong itinakdang taripa ng organisasyon para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga ng pasyente bago ipataw ang mga pagbawas mula sa kita.
- J. ***Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan:*** Mga medikal na kinakailangang serbisyo sa ospital.
- K. ***Tulong Pampinansyal para sa Mga Espesyal na Sitwasyon:*** Tulong Pampinansyal na nagbibigay ng diskwento sa mga kwalipikadong pasyente na may taunang kita ng pamilya na higit sa 400% ng Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan, at mga pinansyal na obligasyong nagreresulta sa mga serbisyong medikal na ibinibigay ng anumang sangay o provider ng SHC-VC na mahigit 10% ang taunang kita ng pamilya.
- L. ***Medikal na Kinakailangan:*** Ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pang-emergency na pangangalaga, na, sa opinyon ng isang nanggagamot na doktor ng SHC-VC, ay isang serbisyo, bagay, pamamaraan, o antas ng pangangalagang:

|  |   |
|--|---|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakarang as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020          |
| <b>Pangalan ng Patakarang:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakarang:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                           | Pahina 3 ng 10  |



1. Kinakailangan para sa wastong paggamot o pangangasiwa ng sakit, pinsala, o kapansanan ng pasyente; o
  2. Makatuwirang inaasahan upang maiwasan ang pagsisimula ng isang sakit, kundisyon, pinsala, o kapansanan, o isang regular at karaniwang tinatanggap na pang-iwas na pangangalaga; o
  3. Makatuwirang inaasahan na bawasan o maibsan ang epekto ng sakit, kundisyon, pinsala, o kapansanan ng pasyente sa kanyang katawan, isipan, o pag-unlad; o
  4. Tutulungan ang pasyenteng makamit o mapanatili ang maximum na kapasidad sa pagganap sa pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad, nang isinasaalang-alang ang kapasidad sa pagganap ng pasyente at ang mga kapasidad sa pagganap na naaangkop para sa edad ng pasyente.
- M. **Ipinagpapalagay na Kawanggawa:** Pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal batay sa impormasyong sosyo-ekonomiko na partikular sa pasyente na nakuha mula sa mga pinagkukunan sa merkado.
- N. **Patunay ng Kita:** Upang matukoy ang pagiging kwalipikado sa Tulong Pampinansyal, susuriin ng SHC-VC ang taunang kita ng pamilya mula sa nakaraang dalawang (2) panahon ng pasahod at/o ang buwis sa nakalipas na taon gaya ng ipinapakita ng mga pinakakamakailang resibo, o income tax return, at iba pang impormasyon. Maaaring matukoy ang patunay ng mga kita sa pamamagitan ng pagkalkula sa kita ng pamilya sa kasalukuyang taon, habang isinasaalang-alang ang kasalukuyang rate ng mga kita.
- O. **Makatuwirang Plano sa Pagbabayad:** Isang plano sa nagbibigay ng palugit sa pagbabayad nang walang interes na pinagkasunduan sa pagitan ng SHC-VC at ng pasyente para sa anumang bayarin mula sa bulsa ng pasyente. Isasaalang-alang ng plano sa pagbabayad ang kita ng pasyente, mahahalagang pang-araw-araw na gastusin, mga ari-arian, halagang babayaran, at anumang paunang bayad.
- P. **Pasyenteng Walang Insurance:** Isang indibidwal na hindi saklaw ng third party sa pamamagitan ng komersyal na third party na insurer, ERISA plan, Programa sa Pampederal na Pangangalagang Pangkalusugan (kabilang ang walang limitasyong Medicare, Medicaid, SHIPTriCare/ChampVA), Kabayaran dahil sa Pagkakasakit ng Manggagawa, o iba pang tulong mula sa third party upang makatulong sa pagtugon sa kanyang mga obligasyon sa pagbabayad. Kabilang din dito ang mga pasyenteng saklaw ng third party, ngunit lumampas sa kanilang limitasyon sa benepisyo, tinanggihan ng pagsaklaw o hindi nabigyan ng pagsaklaw para sa mga partikular na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na Kinakailangan sa Paggamot kung saan humihiling ng paggamot ang pasyente mula sa SHC.
- Q. **Pasyenteng Walang Sapat na Insurance:** Isang indibidwal, na saklaw sa pribado o pampublikong insurance, na magigipit kung magbabayad nang buo para sa mga inaasahang gastusin mula sa sariling bulsa para sa mga serbisyong medikal na ibinibigay ng SHC-VC.

#### IV. **Mga Pangkalahatang Alituntunin:**

##### A. Mga Kwalipikadong Serbisyo:

1. Ang Tulong Pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito ay malalapat sa mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot sa lisensyadong pasilidad ng ospital na inihahatid ng mga provider na nagtatrabaho sa Stanford Health Care-ValleyCare (“Mga Provider”). Makikita ang listahan ng mga provider sa <https://stanfordhealthcare.org/for-patients- visitors/billing/financial-assistance.html>
2. Sa pagkakataong may alinlangan sa kung ang isang partikular na serbisyo ay Medikal na Kinakailangan, ang Chief Medical Officer ng SHC-VC ang magpapasya.

|  |   |
|--|---|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakarang as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020          |
| <b>Pangalan ng Patakarang:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakarang:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                           | Pahina 4 ng 10  |



**B. Mga Serbisyonang HINDI Kwalipikado:**

1. Kabilang sa mga serbisyo na karaniwang hindi itinuturing bilang Medikal na Kinakailangan at sa makatuwid ay hindi kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ang, ngunit hindi limitado sa:
  - a. Mga serbisyo sa Reproductive Endocrinology at Infertility
  - b. Mga serbisyo sa pagpapaganda o pagpaparetoke
  - c. Mga device na tumutulong sa pandinig at pakikinig
  - d. Mga serbisyo sa pagwawasto ng paningin kabilang ang LASEK, PRK, Conductive Keratoplasty, Intac’s corneal ring segments, Custom contoured C-CAP, at Intraocular contact lens

Sa mga bihirang sitwasyon kung saan tutukuyin ng doktor ang isa sa mga nabanggit na serbisyo sa itaas bilang Medikal na Kinakailangan, maaaring maging kwalipikado ang mga nasabing serbisyo para sa Tulong Pampinansyal kapag sinuri at inaprubahan ang mga ito ng Chief Nursing Officer ng SHC-VC.

2. Mga serbisyo ng propesyonal/doktor, na inihahatid ng provider na hindi nagtatrabaho sa Stanford Health Care- ValleyCare. Makikita ang listahan ng mga provider sa komunidad na hindi saklaw ng Patakarang ito sa <https://stanfordhealthcare.org/for-patients-visitors/billing/financial-assistance.html>
3. May karapatan ang SHC-VC na baguhin ang listahan ng mga serbisyonang ituturing na hindi kwalipikado batay sa pasya nito.

**C. Pagiging Kwalipikado ng Pasyente para sa Tulong Pampinansyal – Mga Pangkalahatang Probisyon:**

1. Maaaring mag-apply para sa Tulong Pampinansyal ang lahat ng pasyenteng tumatanggap ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa SHC-VC.
2. Ang lahat ng indibidwal na nag-a-apply para sa Tulong Pampinansyal ay kinakailangang sumunod sa mga hakbang sa Seksyon V sa ibaba.
3. Magpapasya ang SHC-VC sa pagiging kwalipikado para sa Pangangalagang Pangkawanggawa batay sa indibidwal na pagtukoy ng pinansyal na pangangailangan alinsunod sa Patakarang ito, at hindi dapat isaalang-alang ang edad, kasarian, lahi, katayuan bilang imigrante, sekswal na oryentasyon, o kinasasapiang relihiyon ng isang indibidwal.
4. Responsibilidad ng mga aplikante para sa Tulong Pampinansyal ang pag-a-apply sa mga pampublikong programa para sa makukuhang saklaw. Inaasahan din silang gumamit ng mga opsyon sa pagbabayad sa pampubliko o pribadong insurance sa kalusugan para sa Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan na ibinibigay ng SHC-VC. Kinakailangan ang kooperasyon ng pasyente, o Guarantor ng pasyente, sa pag-a-apply para sa mga angkop na programa at kinikilalang pinagkukunan ng pondo, kabilang ang pagsaklaw ng COBRA (isang pampederal na batas na nagbibigay-daan para sa palugit sa mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa limitadong panahon).
5. Ang mga pasyente, o mga Guarantor ng mga pasyente, na hindi makikibahagi sa pag-a-apply para sa mga programa na maaaring magbayad para sa kanilang Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, ay tatanggihan ng Tulong Pampinansyal. Gagawa ang SHC-VC ng mga tiyak na hakbang upang tulungan ang isang pasyente o Guarantor ng pasyente, na mag-apply para sa mga pampubliko o pribadong programa.
6. Alinsunod sa mga regulasyon ng Federal Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA), hindi dapat suriin ang mga pasyente para sa Tulong Pampinansyal o impormasyon ng pagbabayad bago ang pagbibigay ng mga serbisyo sa mga pang-emergency na sitwasyon.
7. Inaatasan ng Internal Revenue Service ang SHC-VC na magtatag ng pamamaraan kung saan hindi sisingilin ang mga pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ng higit sa Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB) para sa Pang-emergency at iba pang Medikal na Kinakailangang Serbisyo sa mga indibidwal na may insurance na

|  |   |
|--|---|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakarang as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020          |
| <b>Pangalan ng Patakarang:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakarang:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                           | Pahina 5 ng 10  |



sumasaklaw sa naturang pangangalaga. Para sa mga layunin ng kinakailangang ito, gagamit ang SHC-VC ng inaasahang pamamaraan batay sa mga taripa ng Medicare. Gayunpaman, ayon sa mga tuntunin ng Patakarang ito, walang pasyenteng natukoy bilang kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ang sisingilin ng anumang singilin para sa Mga Kwalipikadong Serbisyo habang saklaw sa ilalim ng Patakarang ito.

8. Dapat gamitin ang Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan para sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado ng pasyente para sa Tulong Pampinansyal. Iabatay ang Pagiging Kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal sa Kita ng Pamilya.
  9. Maaaring gumamit ang SHC-VC ng mga makatuwirang pagsisikap sa paniningil para mangolekta ng bayad mula sa mga pasyente. Kabilang sa mga karaniwang aktibidad sa paniningil ang paglalabas ng mga pahayag ng pasyente, pagtawag sa telepono, at referral ng mga pahayag na ipinapadala sa pasyente o guarantor. Hindi magsasagawa ang SHC-VC o mga ahensyang naniningil ng anumang hindi karaniwang pagkilos sa pagkolekta (gaya ng inilalarawan sa Patakarang sa Paniningil sa Utang ng SHC-VC). Makukuha ang mga kopya ng Patakarang sa Paniningil sa Utang ng SHC-VC nang libre sa website sa pagsingil ng Stanford Health Care ValleyCare sa <https://www.valleycare.com/patients-billing.aspx>, o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 549-3720, o sa Pagpaparehistro ng Pasyente ng Ospital, mga tanggapan ng Pinansyal na Pagpapayo, at sa departamento ng emergency.
- D. Pangangalagang Pangkawanggawa (Tingnan ang Kahulugan sa Itaas):  
Magbibigay ang SHC-VC ng *Pangangalagang Pangkawanggawa* sa mga pasyenteng nag-a-apply para sa Tulong Pampinansyal at sa mga tinukoy ng SHC-VC bilang kwalipikado. Gagawin ng SHC-VC ang pagpapasyang iyon alinsunod sa mga sumusunod na priyoridad:
1. *Unang Priyoridad:* Ang mga pasyenteng tumatanggap ng mga pang-emergency na serbisyo ang unang priyoridad ng SHC-VC para sa Pangangalagang Pangkawanggawa. (Katulad ng nakasaad sa EMTALA, ang pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ng SHC-VC ay hindi maisasagawa hangga't hindi natatanggap ng pasyente ang legal na kinakailangang screening at anumang kinakailangang paggamot sa estabilisasyon.)
  2. *Ikalawang Priyoridad:* Ang mga pasyenteng nagkaroon at magkakaroon ng mga Medikal na Kinakailangang serbisyo at para sa mga pasyente na ang pinakamalapit na ospital sa bahay o pinagtatrabahuhan ng indibidwal ay ang SHC-VC. (Sa pangkalahatan, kung may ospital ng county sa county kung saan nakatira o nagtatrabaho ang pasyente, at nakapagbibigay ang ospital ng county ng serbisyong hindi pang-emergency na kailangan ng pasyente, ididirekta ang pasyente sa ospital na iyon.)
  3. *Ikatlong Priyoridad:* Ang ikatlong priyoridad ng SHC-VC para sa Pangangalagang Pangkawanggawa ay para sa mga pasyenteng nagkaroon o magkakaroon ng mga Medikal na Kinakailangang Serbisyo at para sa mga pasyente na hindi SHC-VC ang pinakamalapit na ospital sa bahay o pinagtatrabahuhan ng pasyente, o para sa pasyente na nalalapat ang isa o higit pa sa mga sumusunod na salik:
    - a. May kakaiba o hindi pangkaraniwang kundisyon ang pasyente na nangangailangan ng paggamot sa SHC-VC gaya ng tinukoy ng Chief Nursing Officer; o
    - b. Nagpapakita ang pasyente ng pagkakataon sa pagtuturo o pananaliksik na makaka-ambag sa mga misyon sa pagtuturo ng SHC-VC, gaya ng tinukoy ng Chief Nursing Officer,
  4. Sa mga bihirang sitwasyon kung saan tutukuyin ng doktor ang isa sa mga nabanggit na serbisyo sa itaas bilang Medikal na Kinakailangan, maaaring maging kwalipikado ang mga nasabing serbisyo para sa Tulong Pampinansyal kapag sinuri at inaprubahan ang mga ito ng Chief Nursing Officer ng SHC-VC.

|  |   |
|--|---|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakarang as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020          |
| <b>Pangalan ng Patakarang:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakarang:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                           | Pahina 6 ng 10  |



5. May karapatan ang SHC-VC na baguhin ang listahan ng mga serbisyong ituturing na hindi kwalipikado batay sa pasya nito.

## V. Pamamaraan:

### A. Pamamaraan para sa Pag-a-apply para sa Tulong Pampinansyal

1. Susuriin ang sinumang pasyente na magsasaad ng kawalan ng kakayahang magbayad ng singil ng SHC-VC para sa Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Pangangalagang Pangkawanggawa, o iba pang pinagkukunan ng pondo, ng Pinansyal na Pagpapayo ng SHC-VC at Mga Pampinansyal na Tagapagtaguyod ng Pasyente.
2. Ang sinumang empleyado ng SHC-VC na nakakakila ng pasyente na pinaniniwalaan niyang walang kakayahang magbayad para sa Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat ipaalam sa pasyente na maaari siyang humingi ng Tulong Pampinansyal, at makukuha ang mga aplikasyon sa Mga Serbisyong Pampinansyal para sa Pasyente, Pinansyal na Pagpapayo, Mga Serbisyo sa Pagpapaospital ng Pasyente, Ang Departamento ng Emergency, lahat ng klinika, Serbisyo sa Customer, Pagtataguyod ng Pasyente, Mga Ugnayan ng Pasyente at Social Services sa pangunahing wika ng 5 porsyento o higit pa ng pangunahing komunidad na pinaglilingkuran ng ospital.
3. Maaaring paunang na i-screen ang isang pasyente ng Tagapayong Pampinansyal ng SHC-VC bago ang pagtanggap ng mga serbisyong hindi pang-emergency upang malaman kung maaaring iugnay ang pasyente o Pamilya sa anumang pampubliko o pribadong pinagkukunan ng pambayad. Kung ang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi pa naibibigay at hindi rin pang-emergency, tutulungan din ng Tagapayong Pampinansyal ang pasyente na malaman kung may ospital ng county sa county kung saan nagtatrabaho o nakatira ang pasyente na maaaring magbigay ng mga serbisyo.
4. Inaasahan ng SHC-VC ang mga pasyente na ganap na makibahagi sa pagbibigay ng kinakailangang impormasyon para mag-apply para sa mga program ng pamahalaan gaya ng Medicare o Medi-Cal, o sa pamamagitan ng California Health Benefit Exchange kung saan maaaring kwalipikado ang pasyente. Dagdag pa rito, hihilingin sa pasyente na magsagot ng Aplikasyon sa Pampinansyal na Tulong.
5. Ang sinumang mag-a-apply para sa Pangangalagang Pangkawanggawa ay dapat gawin ang bawat makatuwirang hakbang upang magbigay ng Patunay ng Kita at saklaw sa mga benepisyong pangkalusugan sa SHC-VC. Kung magsusumite ng aplikasyon ang isang pasyente at hindi siya makakapagbigay ng impormasyong makatuwiran at kinakailangan upang makapagpasya ang SHC-VC tungkol sa pagiging kwalipikado para sa Pangangalagang Pangkawanggawa, maaaring isaalang-alang ng SHC-VC ang kakulangang iyon sa pagpapasya nito. Ipapaalam ng Unit sa Pagtataguyod ng Pasyente ng SHC-VC sa pasyente ang mga kahihinatnan ng hindi pagbibigay ng kumpletong impormasyon nang nasa tamang oras.
6. Kung sakaling itatangi ng SHC-VC ang Pangangalagang Pangkawanggawa sa isang pasyenteng nakakumpleto ng mga kinakailangan sa aplikasyong itinakda sa Patakarang ito, maaaring humiling ang pasyente ng pagsusuri ng pagpapasyang iyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa departamento ng Mga Serbisyong Pampinansyal para sa Pasyente.
7. Maliban kung sasabihan ang pasyente, magkakaroon ng bisa ang Tulong Pampinansyal na ibinibigay sa ilalim ng patakarang ito sa Panahon ng Pagtukoy sa Kwalipikasyon gaya ng isinaad sa itaas. Gayunpaman, may karapatan ang SHC-VC na suriin muli ang kwalipikasyon ng isang pasyente para sa Pampinansyal na Tulong sa isang taong yugtong iyon kung may anumang pagbabago sa pinansyal na katayuan ng pasyente.

|   |  |
|---|--|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakaran as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020         |
| <b>Pangalan ng Patakaran:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                          | Pahina 7 ng 10   |



8. Makakakuha ang pasyente ng karagdagang impormasyon tungkol sa Tulong Pampinansyal o makakahingi siya ng tulong sa proseso ng aplikasyon sa 2465 Faber Place, Palo Alto, CA, sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 549-3720, o sa anumang lokasyon ng Stanford Health Care-ValleyCare.

#### **B. Ipinagpalagay na Kwalipikasyon para sa Pangangalagang Pangkawanggawa:**

Kinikilala ng SHC-VC na hindi lahat ng pasyente, o Guarantor ng mga pasyente, ay may kakayahang kumpletuhin ang aplikasyon sa Pampinansyal na Tulong o magbigay ng kinakailangang dokumentasyon.

1. Para sa mga pasyente, o Guarantor ng pasyente, na hindi kayang magbigay ng kinakailangang dokumentasyon ngunit nakakatugon sa partikular na pamantayan sa pinansyal na pangangailangan, maaaring magbigay pa rin ang SHC-VC ng Tulong Pampinansyal. Sa partikular, maaaring mapagpasyahan ang ipinagpalagay na kwalipikasyon batay sa mga indibidwal na sitwasyon sa buhay kung saan maaaring kabilang ang:
  - a. Mga programa sa pagrereseta na pinopondohan ng Estado;
  - b. Walang tahanan o isang taong nakatanggap ng pangangalaga mula sa isang klinika para sa mga walang tahanan;
  - c. Paglahok sa mga programa ng Women, Infants and Children (WIC);
  - d. Pagiging kwalipikado para sa food stamp;
  - e. Pagiging kwalipikado para sa naka-subsidize na programa sa pagkain sa paaralan;
  - f. Pagiging kwalipikado para sa iba pang pang-estado o lokal na programang pantulong na hindi pinopondohan (hal., pagbabawas ng gastos sa Medicaid);
  - g. Mababang kita/ibinigay ang naka-subsidize na pabahay bilang wastong address; at/o
  - h. Pumanaw ang pasyente nang walang nalalamang ari-arian.
2. Para sa mga pasyente, o kanilang mga Guarantor na hindi tumutugon sa proseso ng aplikasyon sa SHC-VC, maaaring gamitin ang iba pang pinagkukunan ng impormasyon, gaya ng inilalarawan sa ibaba, upang gumawa ng indibidwal na pagsusuri ng pinansyal na pangangailangan. Magbibigay-daan ang impormasyong ito sa SHC-VC upang gumawa ng ipinagbigay-alam na impormasyon tungkol sa pinansyal na pangangailangan ng mga pasyenteng hindi tumutugon.
3. Para sa layunin ng pagtulong sa pasyente na nagpapaalam ng kagipitan, maaaring gumamit ang SHC-VC ng third-party upang suriin ang impormasyon ng isang pasyente, o Guarantor ng pasyente upang suriin ang pinansyal na pangangailangan.
4. Gumagamit ang pagsusuring ito ng prediktibong modelo na kinikilala ng industriya ng pangangalagang pangkalusugan na nakabatay sa mga database ng pampublikong rekord. Gumagamit ang modelo ng data ng pampublikong rekord upang magkalkula ng score sa sosyo-ekonomiko at pinansyal na kapasidad. Idinisenyo ang hanay ng mga panuntunan ng modelo upang itasa ang mga pasyente sa pare-parehong pamantayan, at ikinukumpara ito sa mga dating pag-apruba sa Tulong Pampinansyal para sa SHC-VC. Binibigyang-daan ng prediktibong modelong ito ang SHC-VC na suriin kung katulad ang pasyente ng iba ang pasyente na dating naging kwalipikado para sa tulong pampinansyal sa ilalim ng tradisyonal na proseso ng aplikasyon.
5. Maaaring gamitin ng SHC-VC ang impormasyon mula sa prediktibong modelo upang magbigay ng ipinagpalagay ng kwalipikasyon sa, o upang matugunan ang mga kinakailangang dokumentasyon para sa mga pasyente o kanilang mga Guarantor. Sa mga sitwasyon kung saan walang direktang ibinigay na impormasyon sa pasyente, at pagkatapos ng mga pagsisikap na kumpirmahin ang pagiging available ng saklaw, magbibigay ang prediktibong modelo ng

|   |  |
|---|--|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakaran as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020         |
| <b>Pangalan ng Patakaran:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                          | Pahina 8 ng 10   |



sistematikong paraan upang magbigay ng ipinagpalagay na kwalipikasyon sa mga pasyenteng may pinansyal na pangangailangan.

6. Kung sakaling hindi magiging kwalipikado ang pasyente sa ilalim ng ipinagpalagay na hanay ng mga panuntunan, maaari pa ring magbigay ang pasyente ng kinakailangang impormasyon at maisaalang-alang siya sa ilalim ng tradisyonal na proseso ng aplikasyon sa Tulong Pampinansyal na itinakda sa itaas sa Seksyon V.
7. Ang mga account ng pasyente na bibigyan ng katayuang ipinagpalagay na kwalipikasyon ay isasaayos alinsunod dito. Iuuri muli ang mga account na ito sa ilalim ng Patakaran sa Pampinansyal na Tulong. Hindi ipapadala ang ibinigay na diskwento sa koleksyon at hindi ito isasama sa gastusin sa utang na hindi na masisingil ng SHC-VC.
8. Nagbibigay ng benepisyo ang ipinagpalagay na pag-screen sa isang komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa SHC-VC na sistemikong tumukoy ng mga pasyenteng may pinansyal na pangangailangan, pagbawas sa mga responsibilidad sa pangangasiwa, at pagbibigay ng tulong pampinansyal sa mga pasyente at Guarantor, kung saan ang ilan ay hind tumutugon sa proseso ng aplikasyon sa tulong pampinansyal.

#### **VI. Abiso Tungkol sa Tulong Pampinansyal:**

- A. Upang gawing handang makukuha ang impormasyon tungkol sa Patakaran at programa nito sa Tulong Pampinansyal, gagawin ng SHC-VC ang mga sumusunod:
  1. Ipo-post ang Patakarang ito, ang isang buod, at ang Aplikasyon sa Tulong Pampinansyal ng SHC-VC sa website sa pagsingil ng SHC-VC.
  2. Hayagang magpapaskil ng mga abiso tungkol sa pagiging available ng Tulong Pampinansyal sa mga departamento ng emergency, sentro ng agarang pangangalaga, departamento ng pagpapaospital at pagrerehistro, Mga Serbisyong Pampinansyal para sa Pasyente, at iba pang lokasyon na ituturing ng SHC-VC na naaangkop.
  3. Gagawa ng mga papel na kopya ng patakaran, form ng aplikasyon ng patakaran, at ang buod sa simpleng wika ng patakaran na makukuha kapag hiniling at nang walang bayad sa pamamagitan ng koreo at sa mga pampublikong lokasyon.
  4. Aabisuhan ang mga pasyente sa pamamagitan ng pagbibigay ng papel na kopya ng buod bilang bahagi ng proseso ng pagpasok o paglabas.
  5. Magsasama ng kapansin-pansing nakasulat na abiso sa mga billing statement tungkol sa pagiging available ng tulong pampinansyal kabilang ang numero ng telepono ng tanggapan ng ospital na makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa patakaran at proseso ng aplikasyon, at ang address ng website kung saan naka-post ang patakaran.
  6. Magbigay ng mga abiso at iba pang impormasyon tungkol sa Pampinansyal na Tulong sa lahat ng pasyente tungkol sa pangunahing wika ng 5 porsyento o higit pa ng pangunahing komunidad na pinaglilingkuran ng ospital.
  7. Gagawing makukuha ang Patakaran nito sa Tulong Pampinansyal o ang isang buod ng programa sa mga naaangkop na ahensya sa mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng komunidad at iba pang organisasyong tumutulong sa mga taong may pinansyal na pangangailangan.
  8. Magsasama ng impormasyon tungkol sa Tulong Pampinansyal, kabilang ang numero sa pakikipag-ugnayan, sa mga singil sa pasyente, at sa pamamagitan ng pasalitang pakikipag-ugnayan sa mga pasyenteng walang insurance at posibleng walang sapat na insurance.
  9. Magbibigay ng pinansyal na pagpapayo sa mga pasyente tungkol sa mga singil sa kanila ng SHC-VC at ipapaalam ang pagiging available ng naturang pagpapayo. (Tandaan: responsibilidad ng pasyente o ng Guarantor ng pasyente na magpaikedyul ng tulong sa tagapayong pampinansyal.)



|   |  |
|---|--|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakaran as Buong Ospital                | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020         |
| <b>Pangalan ng Patakaran:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakaran:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                          | Pahina 9 ng 10   |



10. Magbibigay ng impormasyon at edukasyon tungkol sa Tulong Pampinansyal at mga patakaran at kagawian nito sa pagkolekta na makukuha sa mga naaangkop na kawani sa pangangasiwa at klinika.
11. Hihikayatin ang referral ng mga pasyente para sa Tulong Pampinansyal ng kinatawan o mga medikal na kawani ng SHC-VC, kabilang ang mga doktor, tagapayong pampinansyal, social worker, tagapamahala ng kaso, pari, at sponsor sa relihiyon.
12. Hihikayatin at susuportahan ang mga kahilingan para sa Tulong Pampinansyal ng isang pasyente, Guarantor ng pasyente, miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan o kasamahan ng pasyente, nang naipapalaim sa mga naaangkop na batas sa pagkapribado.
13. Tutugon sa anumang mga pasalita o nakasulat na kahilingan para sa higit pang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pampinansyal na ginawa ng isang pasyente o anumang interesadong panig.

**VII. Pagsunod:**

- A. Ang lahat ng manggagawang miyembro kabilang ang mga empleyado, nakakontratang kawani, estudyante, boluntaryo, medikal na kawaning may kredensyal, at indibidwal na kumakatawan o kasali sa kagawian sa SHC-VC ay may responsibilidad sa pagtiyak na sumusunod ang mga indibidwal sa patakarang ito;
- B. Ang mga paglabag sa patakarang ito ay iuulat sa Department Manager at sa iba pang naaangkop na Departamento na tutukuyin ng Department Manager o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang pagpasyahan ang katangian, hangganan, at potensyal na panganib sa ospital. Ang mga manggagawang miyembro na lalabag sa patakarang ito ay mapapailalim sa naaangkop na kaparusahan hanggang sa at kabilang ang pagsibak.

**VIII. Mga Nauugnay na Dokumento:**

- A. Aplikasyon sa Tulong Pampinansyal ng SHC
- B. Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan ng SHC-VC
- C. Patakaran sa Diskwento para sa Pasyenteng Walang Sapat na Insurance ng SHC-VC
- D. Patakaran sa Pagkolekta ng Utang ng SHC-VC
- E. Mga Patakaran sa EMTALA ng SHC-VC

**IX. Mga Appendix:**

Wala

**X. IMPORMASYON NG DOKUMENTO:**

- A. Legal na Awtoridad/Mga Sanggunian
  1. Mga Seksyon 127400 hanggang 127446 ng California Health and Safety Code, gaya ng sinusog.
  2. Titulo 22 ng California Code of Regulations
  3. Federal Patient Protection and Affordable Care Act, Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at mga iminumungkahing regulasyon (mula sa petsa ng pag-pruba ng Patakarang ito, hindi pa pinal ang mga regulasyong iyon).
- B. May-ari ng Patakaran
  1. 01/2020 Kristine Grajo, Director, Self-Pay Management Office
- C. Mga Kinakailangan sa Distribusyon at Pagsasanay:
  1. Itinalaga ang patakarang ito sa Mga Patakaran sa Buong Ospital ng Stanford Health Care – ValleyCare.

|   |   |
|---|---|
| <b>Stanford Health Care – ValleyCare</b><br>Patakarang as Buong Ospital                   | <b>Petsa ng Huling Pag-apruba:</b><br>Hulyo 2020          |
| <b>Pangalan ng Patakarang:</b><br>Tulong Pampinansyal na Pangangalagang<br>Pangkawanggawa | <b>Seksyon at Numero ng Patakarang:</b><br>Pananalapi #35 |
| <b>Mga Apektadong Departamento:</b><br>Lahat ng Departamento                              | Pahina 10 ng 10   |



2. Ipapamahagi ang mga bago at nirebisang dokumento sa lahat ng naapektuhang empleyado at ipapaskil ang mga ito ng lahat ng miyembro ng kawani kung saan makukuha ang mga ito.
- D. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew
  1. Susuriin ang Patakarang ito bawat tatlong taon o ayon sa pangangailangan ng pagbabago sa batas o kagawian.
- E. Kasaysayan ng Pagbabago at Pagrerebisa
  1. Agosto 2016
  2. Disyembre 2017, Andrea Fish, Office of General Counsel, Kristine Grajo, Director Self Pay Management Office
  3. Abril 2020, Kristine Grajo, Director Self Pay Management Office
- F. Mga Pag-apruba:
  1. Enero 2018, ValleyCare Charitable Foundation Board of Trustees
  2. Abril 2020, Kristine Grajo, Director Self Pay Management Office
  3. Hulyo 2020, Policy Steering Committee